BALITANG WIN

BALITA, OPINYON AT SERBISYO NI SENATOR WIN GATCHALIAN

Isyu 3 | Marso 2018 www.WinGatchalian.com | WinGatchalian74

# LIBRENG EDUKASYON AT ANTI-HAZING: ESTUDYANTENG GANADO, WALANG TAKOT!



Senator Win Gatchalian sa plenaryo ng Senado habang dinidinig ang mga probisyon ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) bill, Nob. 22, 2017. Bahagi ang TRAIN bill ng mandato Administrasyong Duterte na mabalanse ang kapakanan ng mga mamamayang nagbabayad ng buwis at ng gobyerno sa paglilikom ng pondo para sa mga programa nito.

## BUHAY SA SENADO

Ang bilis talaga ng panahon, kulang ang isang pahina upang mailahad ang lahat ng pangyayari sa halos dalawang taong panunungkulan sa Senado. Masasabi kong tunay na makabuluhan ang bawat araw ko sa institusyong ito. Hindi ko maiwasan na magbalik-tanaw sa mga naging kaganapan mula taong 2016 hanggang kasalukuyan.

Sino nga ba ang makakalimot sa pagkakapasa ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act o Republic Act No. 10931, mas kilalang Free Higher Education Act? Sa simula, marami na ang nagduda kung ito nga ba ay makalulusot na maging batas. Makasaysayan na maituturing para sa buong bansa ang pagsasabatas ng libreng matrikula sa state universities and colleges (SUCs) at local universities at colleges (LUCs).

Ngayong abot-kamay na ang libre at dekalidad na edukasyon, sana ay bigyan ng pagpapahalaga ng bawat kabataan ang kanyang pag-aaral upang mabigyan ng ginhawa at mabuting pamumuhay ang kanilang pamilya.

Kung inyong maaalala, Kongresista pa lamang ang inyong lingkod ay isinumite ko na ang panukalang batas na Anti-Hazing Act of 2015 o Servando Act upang mabigyan ng hustisya ang pagkawala ng buhay ni Guillo Servando at ng marami pang naging biktima ng hazing. Hindi natin sinukuan ang paghingi ng suporta sa kabila ng mga pagsubok upang makamit ng mga nawalan ng mahal sa buhay ang katarungang matagal na nilang inaasam.

Naging matagumpay ang matagal na nating ipinaglabang panukala: Ang pagkakapasa ng Anti-Hazing Act of 2018 o Senate Bill No. 1662 sa Senado ay nagsisilbing isang malaking hakbang upang tuluyan nang matapos ang dahas dulot ng hazing sa buong bansa. Kaya naman hatid natin ang isang taos-pusong pasasalamat sa mga hindi nawalan ng pag-asa—mula sa mga pamilya na patuloy na nagtiwala hanggang sa mga kapwa natin mambabatas na ginawa ang lahat para mapabilis ang proseso ng pagpapatupad ng batas.

Ilan lamang ang mga panukalang ito sa marami pang dapat ipagpasalamat sa mga napagtagumpayan nating lehislasyon. Sa dami ng magagandang nangyari sa mga nagdaang buwan at taon, positibo ako na mas marami pang panukalang maisasabatas, mareresolbang problema, at mabubuong mabubuting layunin na maipagmamalaki ng buong bansa.




Pagdinig ng bicameral conference committee ng Senado at Kongreso para sa pag-iisa ng mga probisyon ng Anti-Hazing Act of 2018 na magpapataw ng mas mabibigat na parusa sa mga magsasagawa pa ng hazing, Peb. 28.

Anumang pagsubok ang maaaring dumating, mananatili ang aking determinasyon na tapusin ang lahat nang nasimulan ng mayroong paninindigan, integridad at malasakit para sa kapakanan ng lahat.

Higit sa lahat, umaasa akong patuloy pang magkakaisa ang lahat para sa mas mabuting pagbabago, tungo sa kaunlaran ng buong sambayanan.

*Senator Win Gatchalian*

# *Hindi pagagapi ang* Marawi

Sa ikalawang pagkakataon sa loob lamang ng isang taon, dinalaw ni Senator Win Gatchalian ang Marawi City at mga karatig na bayan noong Okt. 1, 2017 upang personal na kumustahin ang kalagayan ng mga bakwit pati na ang rehabilitasyong ikinakasa ng gobyerno para sa kanilang lungsod.

Kasabay din ng kanyang pagbisita ang pag-abot sa pamamagitan niya ng tulong para sa Marawi mula sa Valenzuela City Government at ng Unified Alliance of Socio-civic Organizations na isang kapisanan ng mga negosyante, kumpanya, non-government organizations at mga concerned citizens.

Naging mainit ang pagtanggap ng mga mamamayan at ng mga lokal na opisyal doon. Sa isang punto, sabay-sabay pa silang nanalangin upang pasalamatan ang nag-iisang Diyos at patuloy na ipagdasal ang kanilang kaligtasan at kapakanan.

Malayo man ang Lungsod Valenzuela sa Marawi, abot-kamay pa rin nito ang mga kababayang nangangailangan ng tulong, proteksyon at paggabay matapos ang pagkawasak ng kanilang lungsod.

Sa kasalukuyan, unti-unti na ring bumabangon ang lungsod dahil sa isinasagawang rehabilitasyon, lalo na at inilabas na ng pamahalaan ang badyet na ₱15 bilyon para sa taong ito. Tunay nga na hindi pagagapi ang Marawi dahil likas sa mga Pilipino ang katangiang ito.




**BANDILANG DI NATITINAG.** Sa ilalim ng watawat ng Pilipinas na hindi natitinag, nagpakita ng katatagan ng loob ang mga bakwit sa Brgy. Bito Buadi Itowa matapos ang pagdalaw sa kanila ni Senator Win, kasama ang ilang mga opisyal ng Lungsod Valenzuela. Ayon sa ulat ng Rappler.com, siya ang pinakamataas na halal na lider ng gobyerno na tinungo ang mga sibilyan sa loob mismo ng Marawi. Wasak at nalumpo ang sentro ng lungsod dala ng labanan sa pagitan ng teroristang Maute at ng mga kawal ng pamahalaan.



**MARAWI IS LIBERATED.** Kausap ni Western Mindanao Command chief Lt. Gen. Carlito Galvez Jr. si Senator Win at Valenzuela City Vice Mayor Lori Natividad-Borja sa kanilang pagbisita sa command center nito sa Lanao del Sur Capitol sa Marawi City. Dalawang linggo matapos ang pulong, inihayag ni Pangulong Duterte na malaya na ang Lungsod Marawi sa sakmal ng mga terorista noong Okt. 17, 2017 matapos mapatay ang mga lider nito.



**GULONG NG BUHAY.** Hiling ng ilang nagsilikas sa kaguluhan ay mabiyayaan ng wheelchair ang ilang may kapansanan na nasa kanilang pangangalaga sa Saguiaran evacuation center. Hindi sila nabigo dahil naisakatuparan ito ng Valenzuela City Social Welfare and Development Office.

---

# MAGAYONG NGITI MULA ALBAY

Nagbuga ng abo at lava flow ang Mayon Volcano nitong Enero kung kaya naging mapeligro ang pananatili sa paligid nito. Nabalutan ng volcanic ash ang ilang mga barangay at sa banta ng malaking pagsabog, inilikas ang mga residenteng nakatira malapit sa bulkan.

Mula sa datos ng Valenzuela City Social Welfare and Development Office (CSWDO), uma bot sa 23,788 pamilya ang lumikas sa iba't ibang evacuation center sa may 60 barangay. Dahil dito mas nangailangan ng dagdag na tulong ang lokal na pamahalaan doon.

Nakahandang umalalay naman ang Valenzuela City Government at si Senator Win Gatchalian. Sinadya ng senador at ilang opisyales ng lungsod ang lalawigan ng Albay upang personal na ipaabot ang ₱5 milyong rice assistance para sa evacuees.

Sa kanilang pangangamusta, mga ngiti ng pasasalamat at pag-asa ang kanilang dala-dala.



**MAYON SA BAKURAN** Pagdalaw ni Senator Win sa Gabawan Elem. School sa bayan ng Daraga, Peb 16.



**RICE ASSISTANCE** Pormal na turn-over ng rice assistance sa Albay Provincial Capitol para sa local government units ng Albay, Legazpi City, Ligao City, Tabaco City, Camalig, Daraga, Guinobatan, Malilipot at Sto. Domingo, Peb 16.



**MGA BATANG MAGILIW** Magiliw na bumabati ang mga batang mag-aaral sa Binogsacan Elem. School sa bayan ng Guinobatan sa pagdating ng mga opisyales ng Valenzuela City Government, Peb. 15. Nagsisilbing temporary classroom ang Red Cross inflatable tent dahil naging evacuation center ang ilang mga klasrum doon.

# BATAS ANG MAGPAPANALO

## IPINANALONG PANUKALA NI SENATOR WIN GATCHALIAN NA PIRMADO NA NI PANGULONG RODRIGO DUTERTE BILANG BATAS

Walang humpay ang pagsusulong ni Senator Win ng mga bago at mahahalagang panukalang batas habang tinututukan pa rin na maipasa ang mga naunang isinumiteng lehislasyon sa Senado.

Sa kasalukuyan, mayroong inihaing pitong (7) panukalang batas si Senator Win na aprubado na sa Pangatlo at Panghuling Pagbasa (3rd Reading) kung saan sariling bersyon naman ng House of Representatives (Kongreso) ang hihintaying maipasa. Sa hakbangin ding ito ay pagbobotohan ng lahat ng mga senador ang nasabing bersyon upang aprubahan at maipasa na ito sa Kongreso bago iakyat sa Malacañang upang mapirmahan o i-beto ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas ang pagsasabatas ng lehislasyon.

Kapag ganap nang naging batas ang mga ito, tiyak na mapakikinabangan ng mga mamamayang Filipino ang nilalaman nito na makaaapekto sa kanilang seguridad at kaligtasan, kabuhayan, karapatan, at kaunlaran.

Narito ang listahan kung saan nakasaad ang maikling impormasyon tungkol sa bawat panukala:



**UNIVERSAL ACCESS TO QUALITY TERTIARY EDUCATION ACT (REPUBLIC ACT NO. 10931)**

Kauna-unahang panukalang batas na kanyang isinumite sa Senado bilang Free Higher Education Act, ito rin ang unang-unang naipasang batas ni Senator Win Gatchalian at kapwa mga mambabatas kung saan libre na ang matrikula ng mga kolehiyo sa lahat ng state universities at colleges (SUCs), local universities at colleges (LUCs), at state-run technical-vocational institutions sa buong bansa.



**FREE IRRIGATION SERVICE ACT (REPUBLIC ACT NO. 10969)**

Libre na ang irrigation service fees (ISFs) para sa mga kababayan nating magsasaka na mayroon lamang hanggang walong (8) ektaryang sakahan. Lahat din ng kanilang mga utang kabilang na ang mga hindi nabayarang ISFs, interes, multa, at loans ay ipapawalang-bisa na ng gobyerno. Naniniwala si Senator Win na aangat ang ekonomiya kung mayroong matatag na sektor ng agrikultura ang isang bansa.


## PASADO SA SENADO: MGA PANUKALANG NASA IKATLO AT PANGHULING PAGBASA

Walang humpay ang pagsusulong ni Senator Win ng mga bago at mahahalagang panukalang batas habang tinututukan pa rin na maipasa ang mga naunang isinumiteng lehislasyon sa Senado.

Sa kasalukuyan, mayroong inihaing pitong (7) panukalang batas si Senator Win na aprubado na sa Pangatlo at Panghuling Pagbasa (3rd Reading) kung saan sariling bersyon naman ng House of Representatives (Kongreso) ang hihintaying maipasa. Sa hakbangin ding ito ay pagbobotohan ng lahat ng mga senador ang nasabing bersyon upang aprubahan at maipasa na ito sa Kongreso bago iakyat sa Malacañang upang mapirmahan o i-beto ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas ang pagsasabatas ng lehislasyon.

Kapag ganap nang naging batas ang mga ito, tiyak na mapakikinabangan ng mga mamamayang Filipino ang nilalaman nito na makaaapekto sa kanilang seguridad at kaligtasan, kabuhayan, karapatan, at kaunlaran.

Narito ang listahan kung saan nakasaad ang maikling impormasyon tungkol sa bawat panukala:



**ANTI-HAZING ACT OF 2018 (SENATE BILL NO. 1662)**

Tuluyan nang ipagbabawal ang anumang uri ng hazing sa lahat ng mga paaralan, at papatawan na ng mas mabigat na parusa ang sinumang lalabag dito. Sinumang miyembro ng fraternity o sorority na hahadlangan o pagtatakpan ang imbestigasyon tungkol sa anumang insidente ng hazing ay maaaring mabilanggo habambuhay o magbayad ng multang aabot ng hanggang ₱3 milyon.

## SENATE COMMITTEE ON ECONOMIC AFFAIRS



**LIFETIME CELLPHONE NUMBER ACT (SENATE BILL NO. 1636)**

Malaya na ang mga konsyumer na panatilihin ang kanilang cellphone number kahit magpalit man sila ng network provider o ng subscription, mula prepaid sa postpaid o postpaid sa prepaid. Ang panukala ay para sa mga konsyumer na gustong lumipat ng network provider, ngunit ayaw ding magpalit ng numero dahil may sentimental value na ito at nais mapanatili ang kanilang "digital identity."

**FISCAL AND MONETARY REPORT ACT OF 2017 (SENATE BILL NO. 1483)**

Ito ay magtatakda sa mga kalihim ng Department of Finance (DOF), National Economic and Development Authority (NEDA), Department of Budget and Management (DBM), at gobernador ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na humarap sa Senado at Kongreso dalawang beses kada taon upang iulat ang kalagayan o estado ng fiscal and monetary policies at pag-unlad ng ekonomiya, at magkaroon ng mas masusing accountability at transparency ang mga polisiya sa piskal at pananalapi ng gobyerno.

**THE PHILIPPINE INNOVATION ACT (SENATE BILL NO. 1355)**

Layong bigyang prayoridad ang mga makabagong ideya sa larangan ng research and development, imbensyon, at inobasyon. Sa pamamagitan ng National Innovation Council (NIC) na siyang mamamahala sa Innovation Fund at magpapatupad ng mga adhikain at istratehiya sa ilalim ng National Innovation Agenda and Strategy Document (NIASD), ang iba't ibang sektor at mga indibidwal ay makapag-aambag sa inobasyon ng mas maunlad at makabagong Pilipinas.

## SENATE COMMITTEE ON ENERGY

**RECOVERABLE SYSTEM LOSS ACT (SENATE BILL NO. 1623)**

Pabababain ang halaga ng binabayaran nating system loss charge o ang pagkawala ng kuryente habang dumadaloy ito mula planta patungo sa mga kawad ng kuryente papunta sa mga grid. Sa pamamagitan ng panukala, sa ilalim ng Senate Committee on Energy, hindi na natin kailangan pang akuhin ang halaga ng nakaw na kuryente bago ito umabot sa kanilang metro, at tatanggalin din ang Value Added Tax (VAT) sa system loss charge.



**ELECTRIC COOPERATIVES DISASTER MANAGEMENT FUND (SENATE BILL NO. 1253)**

Magkakaroon na ng nakalaang pondo ang mga electric cooperative para sa mga pamilyang naapektuhan ng kalamidad upang maisaayos at maipanumbalik kaagad ang mga nasirang pasilidad ng kuryente.

**ENERGY VIRTUAL ONE STOP SHOP (EVOSS) ACT OF 2017 (SENATE BILL NO. 1439)**

Iikli na ang dating mahabang proseso ng pagkuha ng permit ng mga kumpanyang nais na magtayo ng bagong planta ng kuryente sa pamamagitan ng online processing system. Kapag naisabatas na ito, mas malaking suplay na ng kuryente ang papasok sa bansa upang mapantayan ang lumalaking demand ng kuryente sa susunod pang mga taon.

# PANALONG BALITA

Sa loob o labas man ng Senado, pinagsusumikapan ni Senator Win Gatchalian ang kanyang mandato na paglingkuran ang taumbayan sa pamamagitan ng mga polisiyang pinag-aralan, sinaliksik at ikinunsulta sa mga sektor ng lipunan.

Bukod dito, kanya pa ring pinaglalaanan ng panahon ang mga kababayan na sila ay sadyain upang alamin ang pulso ng kanilang mga hinaing at pangangailangan.

Narito ang ilang highlights ng mga nagdaang buwan:



## BUCHEON SISTERHOOD

Nagtipon-tipon para sa isang fellowship sa Pasay City nina Senator Win, kasama ng mga lokal na opisyal ng Valenzuela City, ang mga delegado mula sa South Korea, partikular ng Bucheon City Council Secretariat, Administration Bureau, Human Resource Development, Bucheon North Rotary Club at World-Overseas Korean Traders Association Philippines, Peb 7. Naging sister cities ang Bucheon at Valenzuela noong termino ni Gatchalian bilang mayor noong 2006.



## GALING PRACTICES

Sa isinagawang Festival of Best Practices summit ng Galing Pook at Friedrich Ebert Stiftung sa Araneta Center, Quezon City, Okt 12, 2017, inihayag ni Senator Win ang kanyang suporta para sa renewable energy bilang mahalagang bahai ng "energy mix" ng bansa at ng pambansang kaunlaran.



## PANUNUMBALIK NG ROTC

Nagpulong sina Senator Win, Senator Manny Pacquiao at Col. Roland Rodil ng AFP Reservist at Retiree Affairs upang ayusin ang panunumbalik ng Reserve Officers' Training Corps billing requirement para sa mga kalalakihang mag-aural sa kolehiyo, Set. 6, 2017.




## BUWIS SA COAL, TAAS PRESYO NG KURYENTE

Sa dinaluhang National Exporters Summit ng Department of Trade and Industry sa PICC, Dis. 5, 2017, binigyang diin ni Senator Win ang kanyang pagtutol sa pagpataw ng dagdag buwis sa coal, o uling, pagdating sa electricity generation, bunsod ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN). Naniniwala ang senador na makakaapekto ito sa pamumuhay ng mga ordinaryong Filipino, maging sa mga negosyante, dahil tataas ang singil sa kuryente.



## COMMISSION ON APPOINTMENTS

Matapos na mahirang si Valenzuela City Rep. Wes Gatchalian sa Commission on Appointments noong 2016, sumunod na naitalaga si Senator Win para makatulong sa paghimay ng mga kwalipikasyon ng mga bagong opisyal ng pamahalaan bago sila lubos na maupo sa mahahalagang tungkulin, Peb 28.



## BAGONG PUGAD NG MATAAS NA KAISIPAN

Tuwang-tuwa ang mga mag-aaral ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) dahil bukod sa ordinansang Free Higher Education na kanilang tinatamasa, may bago, moderno at maaliwalas pa sila na campus, na pinasinayaan noong Enero 19.

# PULSO ONLINE

## KOMENTONG NAKALAP, DAAN SA PAKIKIPAG-USAP

Sa bawat inilalabas na balita, opinyon at serbisyo ni Senator Win, binibigyan niya ng kahalagahan ang ating saloobin, reaksyon at suhestiyong iniiwan gamit ang social media. Maraming salamat sa inyong mga mensahe!

### Science-based policy

**Peps Dizon** Thank you for really studying the nitty-gritty and all the technicalities of nuclear energy. Way to go for a science-based energy policy in the country!!! Thankful that you're the head of senate's comm on energy.
Like · Reply · Message · October 27 at 8:34pm

### May Pag-usad sa Pag-unlad

**Flordeliza Mayari** Yup. Senator. During your term as Mayor of Valenzuela City, ALS had successfully led to graduate elementary and secondary detainees with various offenses including drug addiction. They were very grateful for the opportunity you had given them. Studying was held inside prison. Free all. Sometimes you sent snacks for them. Materials were provided by Your Office and DepEd. I'm grateful for your kind heartedness to our detainees
Like · Reply · Message · 2 · 4 hrs

### Pagbisita sa Marawi

**Lelia Buya Gabat** senator win salamat sa pagbisita mo sa aking mga kababayan sa marawi malaking tulong po ang inyong pagbisita dahil naramdaman namin na hindi kami nag iisa thankyou po sir
Like · Reply · Message · October 6 at 12:30pm

### Kapakanan ang mga magsasaka

**Annaliza Cañit Plazo** Nakakabilib ho talaga kau senator win dhil naisip nyo pa ang kapakanan ng mga small time farmers nga kung tawagin dhil tama ho kau ang kakulangan ng patubig ng mga mahihirap na magsasaka ang syang hadlang kung bakit hindi cla makapagsaka ng maayos alam ko dhil yan ang problema ng mga magulang ko noon sa probinsya.youre really different from other politician kau lang palagi ang nanguna para sa ikakabuti ng maraming mahirap na mamamayan im so proud of you senator win god bless po proud valenzuelano
Like · Reply · Message · October 12 at 8:40am

### Paghanga at Pagtiwala

**Reynard Francisco** Ang AMA NG FREE HIGHER EDUCATION ACT: Senator Win Gatchalian!
Like · Reply · Message · 11 · August 4 at 12:41pm

**Francis Garcia** Integrity is what the Lord requires to His servants. Senator Win Gachalian we rejoiced with your triumps! May God bless and use new all the more for His Glory and for the good of our beloved nation . Not only Valenzuelanos are proud of you.. All Filipinos here and abroad..Go Forward Philippines 👍
Like · Reply · Message · 11 hrs

**Ma Leonora Alipio Tubongbanua** You will always have our highest respect Senator. I have seen how dedicated you are and your siblings in helping the students and the schools in Valenzuela. Salute! You can never put a good man down. God bless po
Like · Reply · Message · Yesterday at 10:57am

**Pascasio Arines** To God be the Glory....No one cant put an honest and dedicated servant ..down....Sen. Win .....kaya nga nagkampanya ako sa inyo kasi naniwala ako sa kakayahan at kadalisayan ng loob nyo...... ingat palagi sa mga maiitim ang budhi sir.....Merry Christmas Sir
Like · Reply · Message · 7 hrs

**Joel Cotto** Besides making sure that the government have enough funding for Free Higher Education, it is a must that it should be given to the most deserving students, students who focuses on studies to improve his/her personal well being, community and who shows advocacy in helping the government solving issues by giving effective ideas, suggestion via voicing it out or showing thru models and projects on schools activities.
Like · Reply · Message · September 21 at 3:40pm

**Niel Casil** There will always be one Valenzuela to back you up by support and most importantly, prayers to help you stand against these accusations. We trust you our Sen. and may God be with you
Like · Reply · Message · 7 · November 20 at 3:29pm

**Al Bert** Thanks po senator Win for pushing for the free education, and thanks also to the president for approving and signing it. Now, the only thing that remain is to find the source of fund to make sure that the goverment can finance it. #InBehalfOfTheNationSaluteSaInyo😇👍👊💖👏👏👏👏👏👏👏👏
Like · Reply · Message · 2 · August 4 at 7:42pm · Edited

**Nick Santillan** EDUCATION is the KEY to a progressive nation, and teachers solemn duty is to educate young and old alikes. Ergo, EDUCATION & TEACHERS are INSEPARABLE in the attainment of well-informed citizenry, thus PROGRESS!
Like · Reply · Message · September 6 at 2:48pm · Edited

**Odimer Marasigan** Kuya Sen. Win, Get Well Soon!!! Pagaling po kayo at magpalakas upang ipagpatuloy ang mga mabubuting gawa ninyo bilang isang tapat at mapagmalasakit na mambabatas ng ating Bansa!!!
Like · Reply · Message · August 24 at 12:56pm

### Krisis sa kuryente sa Palawan

**Cynthia Sumagaysay- DelRosario** Dear Senator Win Gatchalian, maraming maraming salamat po sa malasakit sa aming mga taga-Palawan. Ngayon lang namin nadama na may gagawin nga sa napakatagal na problema dito sa kuryente. Ngayon lang kami maniniwala dahil matalino ang inyong pag-analisa sa problema at hindi kayo pwede bolahin ng Paleco at DMCI. Matagal na rin po ang sitwasyon na ito mula pa 2013. We eagerly look forward to the final solution of this incessant problem. Salamat at kayo ay magsisilbing solusyon. Mabuhay po kayo!
Like · Reply · Message · 8 · September 8 at 11:14am

Ang **BALITANGWIN** ay inilalathala ng **Tanggapan ni Senator Win Gatchalian** na matatagpuan sa Senate of the Philippines, Rm. 512, GSIS Building, J.W. Diokno Blvd., Pasay City, 1300, Philippines.
**Media Affairs and Communications Unit:** Ahna Khristina F. Mejia I Mark Lester S. Cayabyab I Christine Allaine B. Dumaplin I Justine Leigh D. Castañeda I Diane R. Royo

**Office of Senator Win Gatchalian**
(02) 551 9223

**Policy and Research**
(02) 865 1655

**Media Affairs and Communications**
(02) 865 1938

**Administration and Finance**
(02) 552 6601 loc. 8571

**Legislative Affairs**
(02) 835 9316

**Political Affairs and Constituent Services**
(02) 551 9397 I (02) 552 6601 loc. 8622

**WIN Action Center**
(02) 352 0549

**Email: email@wingatchalian.com**